Pambansang Samahan sa Linggwistika
at Literaturang Filipino
s/p De La Salle University
Taft Avenue, Maynila 1004

8 Oktubre 2020

_____
_____
_____

Maalab na pagbati!

Malugod po namin kayong iniimbitahan na lumahok sa **SURI, SALIKSIK, SANAY 4: Pambansang Kumperensya at Webinar-Worksyap sa Wika at Panitikan 2020 ng PSLLF,** sa **Nobyembre 25-28, 2020** (Miyerkoles hanggang Sabado) sa pamamagitan ng platapormang Zoom.

Ang seminar pong ito ay ipinag-aplay ng PSLLF ng CPD, at magkakaroon ng karampatang credit units alinsunod sa magiging desisyon ng Professional Regulation Commission.

Narito po ang detalye ng bayarin sa rehistrasyon:

PSLLF Member: 600 piso* ***(Magdeposit ng buong halaga hanggang Nob.16)***
Non-PSLLF Member: 800 piso* ***(Magdeposit ng buong halaga hanggang Nob. 16)***
Para sa magbabasa ng papel, gurong magpapakitang-turo at finalist ng Gawad PSLLF sa Saliksik 2020, ang rehistrasyon ay nakabatay sa membership status ang halaga ****(Kung matanggap sa anumang kategorya, magdeposit ng buong halaga hanggang Nobyembre 6)***

ACCOUNT NAME: Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino Inc.
ACCOUNT NUMBER (UCPB-Vito Cruz): 10-120-0000-932

ISCAN/PIKTYURAN ang DEPOSIT SLIP at i-email sa sss4.psllf@gmail.com at ITAGO PARA SA ARAW NG SEMINAR. Banggitin sa email kung kanino ipapangalan ang resibo ng rehistrasyon, gayundin ang inyong contact number. Para sa pagdedeposito sa BPI o pagpapadala via LBC, itext ang numero sa ibaba o I-PM kami sa **facebook.com/PSLLF** Saklaw ng rehistrasyon ang **4 na araw na kumperensiya**, pdf ng mga abstrak, at certificate **para sa Nobyembre 25-28**. Walang tatanggaping bayad o pahabol na rehistrasyon sa aktuwal na araw ng seminar.

Kalakip ng imbitasyon na ito ang tentatibong programa at training matrix ng buong seminar. Para sa update o mga katanungan: **www.facebook.com/PSLLF** * **09176395942**

Matapat na sumasainyo,

Dr. Jonathan V. Geronimo
Direktor, Pambansang Kumperensya at Webinar-Worksyap sa Wika at Panitikan 2020

PROGRAMA
SURI, SALIKSIK, SANAY 4:
Pambansang Kumperensiya at Webinar-Worksyap sa Wika at Panitikan 2020 ng PSLLF
***Nobyembre 25 – 28, 2020* Via Zoom**

Mga Tiyak na Layunin ng Aktibidad:

- Maitaas ang antas ng kaalaman ng mga guro hinggil sa mga hamon ng pagtuturo ng wika at panitikan sa panahon ng pandemya.
- Makapagsuri sa mga kasanayan, nilalaman at tunguhin ng kurikulum bilang tugon sa mga hamon ng pandemya.
- Maunawaan at maisapraktika ang mga inobasyon sa dulog, estratehiya, kagamitan at teknik sa pagtuturo ng Filipino at Panitikan sa panahong Dihital.
- Mailapat ang mga awtentiko at kritikal na pagtataya sa konteksto ng mga hamon sa Bagong Normal.
- Maitaas ang antas ng kaalaman ng mga guro hinggil sa adyenda sa pananaliksik at praktikal na integrasyon ng teknolohiya sa iba't ibang antas sa panahon ng pandemya.
- Makapagpalitan ng kaalaman at kasanayan sa pananaliksik, mahuhusay na pedagohikong praktika at pagdadalumat sa Filipino bilang larangang intelektuwalisado.

Unang Araw
Nobyembre 25 (Miyerkoles)
8:00 – 9:00 n.u.
Rehistrasyon
Pambansang Awit at Panalangin
Maikling Oryentasyon ukol sa Suri, Saliksik, Sanay 4
Dr. Jonathan V. Geronimo, Direktor ng Pambansang Kumperensiya at Webinar sa Wika at Panitikan 2020
9:00 n.u. – 12:00 n.t.
Susing Pananalita: Ang Papel ng Wikang Pambansa sa Panahon ng Pandemya
Dr. Arthur Casanova, Akting na Tagapangulo
Komisyon sa Wikang Filipino
Lektyur 1: *Rebyu at Tunguhin ng Kurikulum mulang Elementarya hanggang Kolehiyo sa Panahon ng Pandemya*
Dr. David Michael M. San Juan
Pangulo, PSLLF/Full Professor, Pamantasang De La Salle-Maynila
Worksyap sa Constructive Alignment

1:00 n.h. – 5:00 n.h.
Lektyur 2: Panukalang Interbensiyon ng Pandemikong Kurikulum sa Paksa at Nilalaman ng Pedagohiyang Filipino
Dr. Jonathan V. Geronimo
Kalihim, PSLLF/ Senior Teacher, Unibersidad ng Santo Tomas
Worksyap sa Paglalapat ng Pandemikong Kurikulum

Ikalawang Araw
Nobyembre 26 (Huwebes)
9:00 n.u. – 12:00 n.t.
Lektyur 3: Pagdebelop ng mga Estratehiya at Kagamitang Pampagtuturo sa Wika at Panitikan
Dr. Jayson D. Petras
Direktor, PSLLF/Pangalawang Dekano sa Pananaliksik at Publikasyon, Unibersidad ng Pilipinas- Diliman
Worksyap ukol sa Paglinang Estratehiya at Kagamitang Pampagtuturo
1:00 n.h. – 5:00 n.h.
Lektyur 4: Panukalang Kritikal at Awtentikong Pagtataya sa mga Asignatura sa Filipino at Panitikan sa Bagong Normal
Prop. Alvin Ringgo Reyes
Direktor, PSLLF/Tagapangulo, Departamento ng Filipino, Unibersidad ng Santo Tomas
Worksyap ukol sa Kritikal at Awtentikong Pagtataya

Ikatlong Araw
Nobyembre 27 (Biyernes)
9:00 n.u. – 12:00 n.t.
Lektyur 5: Panel Discussion ukol sa Praktika at Integrasyon ng Teknolohiya sa Asignturang Filipino at Panitikan sa Bagong Normal
Bb. Maria Aiza Lim, Carsadang Bago Elementary School

Dr. Henry Magahis, Research and Immersion Coordinator/Concurrent SHS Coordinator, De La Salle Santiago Zobel-Vermosa Campus
Prop. Emma Olila-Sison, Ingat-Yaman, PSLLF/Pamantasang De La Salle-Maynila
1:00 n.h. – 5:00 n.h.
Lektyur 6: Panel Discussion ukol sa Adyenda at Tunguhin ng Pananaliksik sa Filipino at Panitikan sa Panahon ng Pandemya
Patnugutan ng Kawing Journal at Pamunuan ng PSLLF
Worksyap sa Integrasyon ng Teknolohiya at Adyendang Pampananaliksik

Ikaapat na Araw
Nobyembre 28 (Sabado)
9:00 n.u. – 12:00 n.t.
Sesyong Paralel ng mga Pakitang-turo: Mga Praktika sa Pagtuturo ng Filipino sa Panahon ng Pandemya
Panel A: Elementarya at Junior High School
Panel B: Senior High School at Kolehiyo
1:00 n.h. – 5:00 n.h.
Sesyong Paralel ng mga Saliksik sa Wika, Panitikan at Iba't ibang Larangan
Panel A: Pagbabahagi ng Papel-Saliksik sa Wika
Panel B: Pagbabahagi ng Papel-Saliksik sa Panitikan
Panel C: Pagbabahagi ng Papel-Saliksik sa Iba't ibang Larangan
Sesyong Plenari: Gawad PSLLF sa Saliksik 2020

Pangwakas na Programa: Paggawad ng Sertipiko at Anunsyo ng Pinakamahusay na Presentasyong Papel, Pinakamahusay na Pakitang-turo at Gawad PSLLF 2020 para sa Natatanging Tesis at Disertasyon

PANAWAGAN SA PAGPAPASA NG ABSTRAK NG PAPEL-PANANALIKSIK PARA SA SURI, SALIKSIK, SANAY 4: PAMBANSANG KUMPERENSYA AT WEBINAR-WORKSYAP 2020 NG PSLLF

Ang SURI, SALIKSIK, SANAY ay taunang pambansang kumperensya at seminar-worksyap na itinataguyod ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino, Ink. (PSLLF). Tampok sa huling araw ng nasabing akademikong pagtitipon ang pagbabasa ng mga papel-pananaliksik na nakasulat sa wikang Filipino at pumapaksa sa iba't ibang kaalaman, isyu at penomenon sa wika, panitikan, pedagohiya ng Filipino at Panitikan at iba pang larangang nagpapalakas sa Filipino bilang wikang intelektuwal at panlipunan. Ang tatlong pangunahing tema ng tatlong tentatibong paralel ay nakatuon sa wika, panitikan at iba't ibang larangan na maaaring uminog sa kurikulum, multidisiplinaryong pananaliksik, integrasyon ng teknolohiya, inobasyon sa pagtuturo at isyung pambansa.

Kaugnay nito, iniimbitahan ang mga guro, mananaliksik at iskolar ng wikang Filipino na magpasa ng kanilang papel-pananaliksik na maaaring sumaklaw sa alinman sa mga sumusunod na ispesipikong paksa at mga katulad at kaugnay na paksa sa mga eryang nabanggit:

- Ebalwasyon ng Kurikulum sa Filipino at Panitikan
- Filipino at/o Panitikan sa Bagong Kurikulum
- Kulturang Popular sa Kurikulum
- Pagsasaling-Wika sa Kurikulum
- Pagtuturo ng Filipino bilang Pangalawang Wika
- Diskurso at/o Mga Varayti ng Wika
- Teorya at/o Praktika sa Araling Wika
- Wika at Bagong Media
- Pagsasaling-Wika
- Pagbubuo ng Materyal na Panturo sa Filipino at/o Panitikan
- Pagbuo ng mga Awtentikong Pagtataya sa Filipino at/oPanitikan\
- Pedagohiya ng Panitikan
- Pagtuturo at Pananaliksik sa Kulturang Popular
- Pagtuturo ng Filipino sa Iba't Ibang Antas
- Pagsusuri ng Mga Obra Maestra
- Panitikang Rehiyonal at/o Nasyonal
- Pagsusuri sa Implementasyon at/o Inobasyon sa MTB-MLE
- Panitikang ASEAN at Global
- Transpormatibong Dulog sa Filipino at/o Panitikan
- Mga Isyu at Kalakaran sa Pedagohiyang Filipino
- Interdisiplinaring Pagtuturo ng/sa Filipino
- Filipino at Panitikan sa Panahon ng Pandemya

Ipadala ang word file ng abstrak na hindi hihigit sa 300 salita, kalakip ang inyong buong pangalan, paaralang pinagtuturuan o institusyong pinagtatrabahuhan, email address sa **jayson.petras@upou.edu.ph**. Lagyan ng subject na: **SSS4_Presentasyong Papel**

Ang deadline ng pagpapasa ng abstrak ay sa **Oktubre 26, 2020**. Padadalhan ng opisyal na liham ang lahat ng mananaliksik na tanggap at hindi tanggap para sa presentasyon batay sa isasagawang ebalwasyon ng nakatakdang komite. Gayundin, ilalathala sa opisyal na Facebook page at website ng PSLLF ang listahan ng mga papel-pananaliksik na nakapasa sa **Nobyembre 4, 2020.** Hindi required ang pagpapasa ng buong papel. Bibigyan ng sertipiko ang lahat ng mapipiling magpresenta ng pananaliksik ngunit inaasahang ang mga mananaliksik ay rehistrado bilang kalahok ng pambansang kumperensya. **Pipili rin ang komite ng PINAKAMAHUSAY NA PRESENTASYONG PAPEL para sa bawat sesyong paralel ng presentasyon na tatanggap ng sertipiko at premyong aklat.**

PANAWAGAN SA ONLINE NA PAKITANG-TURO PARA SA SURI, SALIKSIK, SANAY 4: PAMBANSANG KUMPERENSYA AT WEBINAR-WORKSYAP 2020 NG PSLLF

Ang SURI, SALIKSIK, SANAY ay taunang pambansang kumperensya at seminar-worksyap na itinataguyod ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino, Ink. (PSLLF). Tampok sa huling araw ng nasabing akademikong pagtitipon ang pakitang-turo ng mga guro sa iba't ibang antas ng edukasyon mula sa Elementarya, Junior High School, Senior High School at Kolehiyo. Ang paksa sa pakitang-turo ay malayang pipiliin ng gurong magpapakitang-turo ngunit inaasahan na ang anumang estratehiya at teknik na gagamitin ay naaangkop sa platapormang online.

Kaugnay nito, iniimbitahan ang mga guro na magpasa ng kanilang **panukalang semi-detailed lesson plan** sa wika, panitikan, MTB-MLE, komunikasyon, mga asignatura sa bagong General Education Curriculum at iba pang kaugnay na larangan na gumagamit ng wikang Filipino ay maaaring gamitin.

Ipadala ang word file ng **panukalang semi-detailed lesson plan** kalakip ang inyong buong pangalan, paaralang pinagtuturuan o institusyong pinagtatrabahuhan, email address sa **jayson.petras@upou.edu.ph**. Lagyan ng subject na: **SSS4_Pakitang-turo**

Ang deadline ng pagpapasa ng abstrak ay sa **Oktubre 26, 2020**. Padadalhan ng opisyal na liham ang lahat ng gurong tanggap at hindi tanggap para sa pakitang-turo batay sa isasagawang ebalwasyon ng nakatakdang komite. Gayundin, ilalathala sa opisyal na Facebook page at website ng PSLLF ang listahan ng mga gurong magpapakitang-turo na nakapasa sa **Nobyembre 4, 2020.**

Bibigyan ng sertipiko ang lahat ng mapipiling magpapakitang-turo ngunit inaasahang ang mga gurong magpapakitang-turo ay rehistrado bilang kalahok ng pambansang kumperensya. **Pipili rin ang komite ng PINAKAMAHUSAY NA PAKITANG-TURO para sa bawat antas na tatanggap ng sertipiko at premyong aklat.**

PANAWAGAN SA PAGLAHOK SA 2020 GAWAD PSLLF SA SALIKSIK
(NATATANGING TESIS AT DISERTASYON)

Mga Tuntunin

1. Ang Gawad PSLLF sa Saliksik ay taunang timpalak na itinataguyod ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino upang parangalan ang pinakamahusay na tesis at disertasyon na nakasulat sa wikang Filipino.
2. Bukas ang timpalak sa lahat ng aktibong miyembro ng PSLLF (na ang membership ay may bisang 2019 hanggang kasalukuyan), maliban sa mga opisyal ng Samahan at mga kaanak nila. Sinumang hindi pa miyembro ay kailangang magpamiyembro upang makalahok sa timpalak.
3. Ang lahok ay kailangang makapasa sa sumusunod na kraytirya:
    a. Tapos nang tesis o disertasyon (panahong saklaw: 2019-2020)
    b. Tungkol sa alinmang paksa
    c. Nakasulat sa wikang Filipino
    d. Naiharap na sa panel ng mga tagasuri
    e. Tinanggap na ng kaguruan ng pamantasang pinagtapusan ng kalahok
4. Upang makasali, ipapadala ng kalahok ang **word file** ng kanyang isinagawang pag-aaral at magsusumite ng bukod na abstrak ng pag-aaral na hindi lalampas sa 350 salita. Banggitin sa abstrak ang layon, metodolohiya, at resulta o natuklasan sa pag-aaral. Hindi na kailangang isama sa abstrak ang mga talahanayan, tsart, at iba pang katulad.
5. Nasa ibaba ang mahahalagang petsa kaugnay ng timpalak:
    a. Huling araw ng pagpapasa ng entri: Oktubre 26, 2020
    b. Patalastas sa mga finalist: Nob. 4, 2020
    c. Presentasyon ng 3 finalist: Nob. 28, 2020 (huling araw ng SURI, SALIKSIK, SANAY 4: Pambansang Kumperensiya at Seminar-Worksyap ng PSLLF). Sa araw na ito pipiliin ang magwawagi batay sa preliminaryong pagtataya sa nilalaman ng papel at husay ng presentasyon.
6. Lahat ng kalahok ay tatanggap ng Katibayan ng Paglahok. Ang 3 finalist ay tatanggap ng Katibayan ng Kahusayan. Isa lamang ang magwawagi na tatanggap ng gantimpalang salapi at Plake ng Pagpapahalaga, na sariling disenyo ng PSLLF.
7. Ipadala ang buong papel at abstrak sa tagapangulo ng timpalak na si Dr. Aurora E. Batnag, email address: **au@batnag.org**

SURI, SALIKSIK, SANAY 4:
Pambansang Kumperensya at Webinar-Worksyap sa Wika at Panitikan 2020 ng PSLLF

TRAINING MATRIX

Time Frame	Araw 1 (Nob. 25)	Araw 2 (Nob. 26)	Araw 3 (Nob. 27)	Araw 4 (Nob. 28)
8:00-9:00 am	Rehistrasyon at Pambungad na Programa	Rehistrasyon	Rehistrasyon	Rehistrasyon
9:00-10:00 am 10:00-11:00 am 11:00-12:00 noon	*Susing Pananalita * Rebyu at Tunguhin ng Kurikulum mulang Elementarya hanggang Kolehiyo sa Panahon ng Pandemya *Worksyap sa Constructive Alignment	* Pagdebelop ng mga Estratehiya at Kagamitang Pampagtuturo sa Wika at Panitikan *Worksyap ukol sa Paglinang Estratehiya at Kagamitang Pampagtuturo	* Panel Discussion ukol sa Praktika at Integrasyon ng Teknolohiya sa Asignturang Filipino at Panitikan sa Bagong Normal	* Paralel ng Pakitang-turo: Mga Praktika sa Pagtuturo ng Filipino sa Panahon ng Pandemya Panel A: Elementarya at Junior High School Panel B: Senior High School at Kolehiyo
12:00-1:00 pm	Tanghalian	Tanghalian	Tanghalian	Tanghalian
1:00-2:00 pm 2:00-3:00 pm 3:00-4:00 pm 4:00-5:00 pm	* Panukalang Interbensiyon ng Pandemikong Kurikulum sa Paksa at Nilalaman ng Pedagohiyang Filipino * Worksyap sa Paglalapat ng Pandemikong Kurikulum	* Panukalang Kritikal at Awtentikong Pagtataya sa mga Asignatura sa Filipino at Panitikan sa Bagong Normal *Worksyap sa Kritikal at Awtentikong Pagtataya	* Panel Discussion ukol sa Adyenda at Tunguhin ng Pananaliksik sa Filipino at Panitikan sa Panahon ng Pandemya	*Paralel ng mga Saliksik: Panel A: Pagbabahagi ng Papel-Saliksik sa Wika Panel B: Pagbabahagi ng Papel-Saliksik sa Panitikan Panel C: Pagbabahagi ng Papel-Saliksik sa Iba't ibang Erya *Sesyong Plenari: Gawad PSLLF sa Saliksik 2020